

Patakaran FI49 ng Houston Methodist

Paksa:
Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Pagkabisa:
Enero 1, 2016

Natutungod sa:
Mga Houston Methodist Hospitals

Petsa Iniba / Isinuri
Enero 1, 2016

Inirekomenda ng:
Revenue Cycle Council

**Petsa kung Kailan Pinaplanong
Repasuhin Muli:**
Enero 1, 2019

I. PATAKARAN

Nakapanata ang Houston Methodist (HM) sa pagbigay ng pinansiyal na tulong sa mga taong may mga kailangang pangangalagang pangkalusugan at wala silang insurance o hindi sapat ang kanilang insurance at hindi sila kwalipikadong tumanggap ng tulong mula sa isang programa ng pamahalaan, o sa ibang paraan hindi nila kayang magbayad para sa kinakailangang pangangalagang medikal, kabilang ang emergency care gaya ng nakatiyak dito, batay sa pinansiyal na situwasyon ng bawat tao. Kasang-ayon sa layunin ng Houston Methodist na magbigay ng mahusay at abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, at upang matulungan ang mga mahirap, sinisikap ng Houston Methodist na ang kakulangan ng pera ng pasyente ay hindi hahadlang sa kanyang pagtanggap ng kinakailangang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Magkakaloob ang Houston Methodist ng pangangalagang medikal nang walang diskriminasyon kapag may karamdaman ang pasyente na nangangailangan ng mabilisang pangangalaga, anuman ang kanyang kakayahang magbayad.

Inilahad nitong patakaran kung paano mag-apply para sa pinansiyal na tulong; ang mga serbisyong maaaring makuha; ang mga batayan ng kapasyahan sa pagtiyak ng pagiging karapat-dapat (eligibility criteria); ang proseso ng pag-aaproba (approval process); ang batayan ng mga kalkulasyon ng mga halagang sinisingil; ang inaatas ng batas hinggil sa pagbibigay-alam at pagpapaskil ng mga anunsiyo na nag-aalok kami ng pinansiyal na tulong; ang aming mga pamamaraan sa pagsingil ng mga halagang hindi pa nabayad ng pasyente; listahan ng mga provider na sinasakupan at di sinasakupan nitong patakaran (Apendise C); at nagbibigay din ng buod nitong patakaran na madaling maintindihan (Apendise A). Hindi kapalit ng personal na responsibilidad ang pinansiyal na tulong. Inaasahan na tutulong ang mga pasyente sa pagbayad ng mga gastos ng kanilang pangangalaga, batay sa kanilang kakayahang magbayad, at susundin nila ang mga pamamalakad ng Houston Methodist sa paghiling ng pinansiyal na tulong. Ang mga taong kayang bumili ng health insurance (segurong pangkalusugan) ay hihikayatin na gawin ito, bilang isang paraan ng pagbigay ng daanan sa mga serbisyo sa

pangangalagang pangkalusugan. Ang mga pasyenteng kwalipikado bilang isang Houston Methodist Global patient ay hindi sinasakop ng patakarang ito.

Kasang-ayon sa mahusay na pananalapi at upang makapagkaloob ang Houston Methodist ng mga sebisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pinakamaraming taong may pangangailangan, itinatag ng Konseho ng mga Pangasiwaan (Board of Directors) ng Houston Methodist ang mga sumusunod na gabay sa paggawad ng tulong sa mga pasyente.

II. MGA KATUTURAN

- Pinansiyal na Tulong: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ipinagkaloob ng mga ospital ng Houston Methodist nang libre o may diskuwento sa mga pasyenteng nakakuha ng pahintulot tumanggap ng Pinansiyal na Tulong.
- Pamilya: Sang-ayon sa kahulugang ibinigay ng Census Bureau, isang grupo ng dalawa o higit na taong sama-samang naninirahan at may kaugnayan sa kapanganakan, dahil mag-asawa, o dulot ng pag-ampon. Ayon sa mga tuntunin ng Internal Revenue Service, kung ang pasyente ay naglista ng isang tao bilang isang dependent sa kanyang income tax return (ulat ng kita pambuwis), maaaring maituring ang taong ito bilang isang dependent para sa mga layunin ng pagtiyak ng pinansiyal na tulong na tatanggapin ng pasyente.
- Kita ng pamilya: Tinitiyak ang kita ng pamilya, batay sa halagang hindi pa nabuwisan, sa pamamagitan ng paggamit ng kahulugang ginagamit ng Census Bureau. Ginagamit nito ang sumusunod na kita kapag kinakalkula ang mga pederal na antas ng kahirapan, o federal poverty levels (FPL):
 - Mga kita, kabayaran dahil walang empleyo (unemployment compensation), workers' compensation, Social Security, Supplemental Security Income, tulong mula sa pamahalaan (public assistance), mga kabayaran bilang beterano, mga kabayaran dahil nabalo o naulila (survivor benefits), sustento o kita sa pagreretiro (pension o retirement income), interes at mga dibidendo (maliban ang mga capital gains o losses), mga bayad mula sa mga nangungupahan, mga royalties, kita mula sa mga estate (pag-aari), mga trust, mga tulong sa pag-aaral, alimony (suporta mula sa dating asawa), child support (suporta para sa bata mula sa dating asawa), tulong mula sa labas ng sambahayan, at iba pang sari-saring mga mapagkukunan;
 - Hindi binibilang ang mga benepisyong hindi salapi (gaya ng mga food stamp at tulong sa pabahay, o mga housing subsidy);
 - Kung ang isang tao at ang kanyang pamilya ay naninirahan sa isang bahay, binibilang ang kita ng lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga hindi kamag-anak, gaya ng isang housemate, o kasambahay, ay hindi binibilang.

- Walang insurance (segurong pangkalusugan), o Uninsured: Isang pasyenteng walang insurance o hindi tumatanggap ng tulong mula sa ikatlong partido
- Hindi sapat ang insurance (segurong pangkalusugan), o Underinsured: Isang pasyenteng may kaunting insurance o tumatanggap ng tulong mula sa ikatlong partido na nangangailangan ng mga serbisyong hindi sakop ng kanyang seguro at / o hindi niya kayang bayaran ang kanyang mga out-of-pocket expenses, o ang mga halagang kailangan niyang bayaran.
- Houston Methodist Global: Isang samahan ng Houston Methodist na nagseserbisyo sa mga sumusunod na pasyente:
 - Mga mamamayan ng isang dayuhang bansa;
 - May mga balidong pasaporte;
 - Mga retiradong mamamayan ng Estados Unidos na permanenteng naninirahan sa ibang bansa; o
 - Mga mamamayan ng Estados Unidos na nagtatrabaho sa labas ng Estados Unidos nang higit sa anim buwan sa isang taon.
- Mga singil bago mga pagbabawas o diskuwento (Gross Charges): Mga singil sa pasyente bago mga pagbabawas alinsunod sa kontrata o mga diskuwento
- Porsiyento ng mga Karaniwang Singil, o Amounts Generally Billed (AGB) Percentage: Ang karaniwang porsiyento na ibinabayad ng Medicare at mga pribadong insurance company sa mga ospital na Houston Methodist para sa mga kinakailangang paggamot at serbisyo sa kagipitan (emergency care) (tingnan ang Apendise B). Ang porsiyentong AGB ay tinataya taun-taon para sa bawat ospital na Houston Methodist sa loob ng 120 araw mula Disyembre 31, gamit ang metodong “look back” at mga nabayad na claim o habol sa nakaraang taon.
- Mga karamdamang nangangailangan ng madaliang paggamot: Itiniyak sa loob ng kahulugan ng bahagi 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C. 1395dd).
- Paggamot na kinakailangan: Gaya ng tiniyak ng Medicare (mga serbisyo o bagay na makatwiran at kinakailangan sa rikonosi o paggamot ng isang karamdaman o kapinsalaan).

III. PAMAMARAAN

A. Paano Mag-Appliy para sa Pinansiyal na Tulong

1. Upang makapag-appliy para sa Pinansiyal na Tulong, maaring humiling ang pasyente ng isang Financial Assistance Application (FAA) nang libre gaya ng sumusunod:
 - a. Kausapin ang isang Financial Counselor bago sumapit ang araw, o sa parehong araw, kung kailan kayo naka-schedule tumanggap ng serbisyo;

- b. I-download mula sa website ng Houston Methodist sa www.HoustonMethodist.org/Billing
- c. Tawagan ang Centralized Business Office ng Houston Methodist, mula Lunes hanggang Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi, o sa Sabado 8:00 ng umaga hanggang 12:00 ng hapon sa 832-667-5900 o libre sa 877-493-3228; o
- d. Sumulat sa :

Houston Methodist
Centralized Business Office
Attn: Financial Assistance Unit
701 S. Fry Road
Katy, TX 77450

- 2. Kapag makuha ninyo ang FAA, mangyaring lubos na kumpletuhin ang form, ipunin at ilakip ang kinakailangang nagsusuportang dokumento, at isumite ang lahat ng mga dokumento sa pamamagitan ng sumusunod:
 - a. Ipadala sa:
Houston Methodist
Centralized Business Office
Attn: Financial Assistance Unit
701 S. Fry Road
Katy, TX 77450
 - b. Pumunta at/o ihatid sa isang Patient Access team member; o
 - c. I-fax sa 832-667-5995.
- 3. Mas mahusay, subalit hindi kinakailangan, kung hihiling ng pinansiyal na tulong at matiyak ang inyong pangangailangan ng tulong sa pagbayad bago tumanggap ng hindi madaliang mga serbisyo na kinakailangan sa rikonosi o paggamot sa isang karamdaman o kapinsalaan. Subalit ang pagtiyak ay maaring gawin kahit kailan sa siklo ng pagsisingil. Pinag-aaralan ang pinansiyal na pangangailangan sa bawat kasunod na pagtanggap ng serbisyo kung higit sa isang taon na ang nakalipas mula noong huling tiniyak ang pinansiyal na pangangailangan, o kahit kailan may nalaman na karagdagang impormasyon tungkol sa pasyente na may kaugnayan sa kanyang pagiging karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.
- 4. Makikita sa proseso ng paghiling at pagsang-ayon ang pagpapahalaga ng Houston Methodist sa dignidad ng tao at sa mahusay na pamamahala. Maagap na ipo-proseso ang mga kahilingan para sa pinansiyal na tulong

at padadalhan ng Houston Methodist ng abiso ang pasyente o aplikante sa loob ng 15 araw mula sa pagtanggap ng isang FAA, o Financial Assistance Application. Ibibigay o ipagkakaila ang Pinansiyal na Tulong bata sa nabuong FAA at iba pang tadhana nitong patakaran (halimbawa, tingnan sa ibaba)

- B. **Mga Serbisyo kung saan Maaaring Makatanggap ng Tulong** Maaaring makatanggap ng pinansiyal na tulong para sa mga sumusunod na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan:
1. Madaliang mga serbisyo sa pagpapagamot (emergency medical services) na ibinibigay sa emergency room;
 2. Mga serbisyo para sa isang karamdaman na, kung hindi magamot nang maagap, ay maaaring lumala ang kalagayan ng pasyente;
 3. Mga serbisyong hindi elective (ibig sabihin, sapilitan) na ibinigay sa pasyente sa isang pasilidad maliban sa isang emergency room, bilang pagtugon sa kalagayan ng pasyente na nagsasapanganib sa kanyang buhay;
 4. Mga serbisyo sa kinakailangang pagpapagamot. Hiwalay na pinag-aaralan ng Houston Methodist ang bawat kaso sa pagpapasya nito.
- C. **Ang Proseso ng Pagtiyak ng Pagiging Karapat-dapat** Titiyakin ang pinansiyal na pangangailangan sang-ayon sa isang proseso ng pagtaya ng indibidwal, na maaaring kasama ang mga sumusunod:
1. Isang proseso ng pag-apply na matatapos sa pagbuo ng isang FAA, o Financial Assistance Application (FAA – Apendise D)
 2. Ang paggamit ng madaling magamit na mga mapagkukunan ng mga datos na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kakayahan ng pasyente o ng kanyang guarantor na magbayad (gaya ng credit scoring);
 3. Mga makatwirang mga pagsisikap ng Houston Methodist na pag-aralan ang ibang nararapat na mga mapagkukunan ng bayad at pagsakop mula sa pampubliko at pribadong mga programa ng pagbayad, kabilang ang pagbigay sa mga pasyente ng tulong sa pag-apply sa ganoong mga programa; at
 4. Pag-aaral ng mga mapagkukunan na pag-aari ng pasyente, at iba pang mga mapagkukunan ng pera.

D. **Inaakalang Karapatang Tumanggap ng Pinansiyal na Tulong** Sa ilang kaso, maaaring mayroong sapat na impormasyon upang makapagpasya tungkol sa maibibigay na pinansiyal na tulong kahit hindi nakabuo ng Financial Assistance Application (FAA) ang pasyente. Pag-aaralan at/o muling pag-aaralan ang inaakalang maibibigay na pinansiyal na tulong para sa bawat petsa ng serbisyo. Kabilang ang mga sumusunod sa mga halimbawa na maaaring gamitin ng HM upang matiyak ang inaakalang pinansiyal na tulong na maibibigay:

1. Walang bahay o tumanggap ng tulong mula sa isang homeless clinic;
2. Paglahok sa mga programang Women, Infants, and Children (WIC);
3. Karapatan tumanggap ng mga food stamp;
4. Karapatan lumahok sa ibang mga programa ng estado o sa mga lokal na programa na nagbibigay ng tulong, na kulang ang pondo (halimbawa, Medicaid spend-down);
5. Nagbigay ng balidong address sa pabahay para sa mga taong mababa ang kita o pabahay kung saan nakakakuha ng tulong sa pagbayad ng renta;
6. Patay ang pasyente at walang kilalang estate o pag-aari; at
7. Grado mula sa isang serbisyong binibilhan ng impormasyon tungkol sa pagkakawang-gawa.

E. **Mga Singil** Kapag natiyak ang pagiging karapat-dapat ng pangangalaga sa ilalim nitong patakaran, ang mga singil sa pasyente ay hindi magiging mas Malaki kaysa sa AGB (Amounts Generally Billed). Ang halagang sisingilin ay ibabatay sa AGB Percentage, o Porsiyento ng mga Karaniwang Singil, ia-apply sa gross charges (di-pa nabawasang mga singil), sang-ayon sa kita ng pamilya ng pasyente, na nagsasaalang-alang sa Federal Poverty level (FPL), o Pederal na Antas ng Kahirapan gaya ng sumusunod:

1. Ang kita ng pamilya ng pasyente ay 200% ng FPL o mas mababa kaysa 200% ng FPL – 0% ng AGB;
2. Ang kita ng pamilya ng pasyente ay mas mataas kaysa 200% ng FPL, subalit hindi higit sa 300% ng FPL – 50% ng AGB;
3. Ang kita ng pamilya ng pasyente ay mas mataas kaysa 300% ng FPL, subalit hindi higit sa 400% ng FPL – 100% ng AGB;

F. **Mga Hakbang sa Pagsingil kung Sakaling May Balanseng Hindi pa Nabayaran** Sa mga kaso kung saan hindi nabayad ng pasyente ang halagang

siningil (Bahagi III E. sa itaas), susundin ng pamahalaan ng Houston Methodist ang mga nakatatag na patakaran nito sa pagsingil, na magsasama ng mga extended payment options, o mga plano kung saan pinahaba ang panahon ng pagbayad. Hindi gagamit ang Houston Methodist kailanman ng mga agresibong paraan sa pangongolekta gaya ng mga garnishment ng mga sahod, mga personal lien sa pangunahing bahay, pag-uulat sa mga credit bureau o iba pang paghabla. Maaaring libreng makakuha ng isang kopya ng mga patakaran ng Houston Methodist sa pangongolekta. Sundin ang isa sa mga hakbang na nakalista sa Bahagi III, A., 1. a.- d.

- G. **Mga Inaatas ng Batas sa Pagbibigay-alam at Pagpapaskil** Ipapahayag ng Houston Methodist na may maaaring makuhang pinansyal na tulong sa iba ibang paraan, na maaaring magsama ng, subalit hindi magiging limitado sa: paglathala ng mga abiso sa mga bill ng pasyente; mga karatula sa mga emergency room at mga urgent care center; sa Conditions of Admission form; sa Admitting at Registration department, at sa iba pang publikong lugar na pipiliin ng Houston Methodist. Ilalathala din at malawak na iaanunsiyo ang isang buod nitong patakaran sa pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong sa mga ospital nito, sa mga website, sa mga polyetong makukuha sa mga patient access site at sa ibang mga lugar sa pamayanan na sinisilbihan ng Houston Methodist. Ang ganoong mga abiso at pabuod na impormasyon ay ibibigay sa iba ibang pangunahing wikang sinasalita ng mga populasyon na sinisilbihan ng Houston Methodist. Maaring irekomenda ng sinumang miyembro ng staff ng Houston Methodist o ng medical staff na mag-apply ang pasyente para sa pinansiyal na tulong. Maaring mag-apply ang pasyente o isang miyembro ng pamilya, malapit na kaibigan, o kasosyo ng pasyente, sakop ng mga natutungod na mga batas sa pagkapribado.
- H. **Mga Rekisitos ng Batas.** Sa pagpapatupad nitong Patakaran, susundin ng Houston Methodist and lahat ng pederal na batas, mga batas ng estado, at mga lokal na batas, tuntunin, at regulasyon na naaangkop sa mga gawain na ginaganap kasang-ayon sa Patakaran na ito.
- I. **Mga Mapagkakatiwalaang Sanggunian.**
1. Patient Protection and Affordable Care Act of 2010 (Batas Hinggil sa Pagprotekta ng Pasyente at Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010);
 2. Internal Revenue Code Section 501(r)(4)-(r)(6) (Bahagi 501(r)(4)-(r)(6) ng Batas ng Internal Revenue Service);
 3. Extended Payment Options Policy (Patakaran sa pagbigay ng Plano kung saan Pinahaba ang Panahon ng Pagbayad) (FI86); at
 4. Collections Policy (Patakaran sa Pangongolekta) (FI85).

Inirekomenda ng Revenue Cycle Council
Aprobado ng Houston Methodist Board of Directors

Pinahintulutan ng Chief Administrative Officer:

(Nakasalansan ang Pinirmang Orihinal na Dokumento)

M. Boom
Presidente
Punong Tagapagpaganap
Houston Methodist

Petsa

Apendise A

Buod ng Patakaran ng Houston Methodist sa Pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong na Madaling Maintindihan

Nakapanata ang Houston Methodist sa pagbigay ng libre o diniskuwentong pangangalaga sa mga taong walang insurance, hindi sapat ang insurance, hindi kwalipikadong tumanggap ng tulong mula sa isang programa ng pamahalaan, o sa ibang paraan hindi kayang bayaran ang kanilang madaliang at kinakailangang pangangalagang medikal, batay sa pinansiyal na situwasyon ng bawat tao.

Ang mga pasyente mula sa mga pamilyang ang kabuuang kita ay nasa o mas mababa kaysa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan o Federal Poverty Level (FPL) ay may karapatang tumanggap ng mga libreng serbisyo. Ang mga pasyenteng mula sa mga pamilyang ang kabuuang kita ay mas mataas kaysa 200% subalit hindi higit sa 400% ng FPL ay may karapatang tumanggap ng mga diniskwentong serbisyo. Ang laki ng diskwento ay hindi maaring maging mas malaki kaysa ang karaniwang halaga na ibinabayad sa Houston Methodist ng pribadong insurance at Medicare, kabilang ang anumang ibinayad ng pasyente na deductible, co-payment at co-insurance.

Hindi ninyo kailangang gumawa ng mga paunang bayad (advanced payments) o gumawa ng mga pag-aayos sa pagbayad para sa serbisyong madalian (emergency services) at kinakailangang pangangalagang medikal bago kayo makakatanggap ng mga serbisyo. Subalit kung may diniskwentong halaga na dapat ninyong bayaran, at hindi ninyo kayang bayaran ang buong diniskwentong halaga pagkatapos ibinigay sa inyo ang mga serbisyo, sisikapin ng Houston Methodist na singilin kayo para sa halagang ito. Padadalhan kayo buwan-buwan ng Houston Methodist ng mga billing statement na hihiling na magbayad kayo. Kung hindi ninyo kayang bayaran ang diniskwentong halaga sa iisang bayad, nag-aalok ang Houston Methodist ng mga planong may mga pinahabang panahon ng pagbayad at hindi nila hihilingin na magbayad kayo ng interes. Anumang natitirang diniskwentong halaga na hindi nabayad ay ipapakolekta sa isang ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido (third-party collection agency). Ang pangongolekta ng ikatlong partido ay hindi magsasama ng mga personal lien, paghabla o pag-abiso sa mga credit bureau.

Maaaring makakuha ng libreng kopya ng Patakaran ng Houston Methodist sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong, isang Application para sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Application) at mga Patakaran sa Pangongolekta sa website ng Houston Methodist sa www.houstonmethodist.org/Billing, sa Admitting at Registration area ng mga ospital, sa pamamagitan ng pagtawag sa Centralized Business Office sa (lokal) 832-667-5900, (libre) 877-493-3228, at sa pamamagitan ng pagsulat sa:

Houston Methodist
Centralized Business Office
Attn: Financial Assistance Unit
701 S. Fry Road
Katy, TX 77450

Itong Buod na Madaling Maintindihan (Plain Language Summary), Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Policy), Application para sa Pinansiyal na Tulong at Patakaran sa Pangongolekta ay maaring makuha sa iba ibang wika sa pamamagitan ng pagtawag sa mga tauhang nakalista sa itaas.

Ang Financial Assistance Unit ng Houston Methodist ay maaaring tawagan kung mayroon kayong mga katanungan o kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong o kailangan ninyo ng Tulong sa proseso ng pag-apply. Maaari ninyong kausapin ang isang miyembro ng Financial Assistance Unit sa 832-667-5900 o 877-493-3228 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 7:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi at sa Sabado, sa pagitan ng 8:00 ng umaga at 12:00 ng hapon.

Kapag nabuo ninyo ang Financial Assistance Application, mangyaring ilakip ang lahat ng mga nagsusuportang dokumento at ipadala sa Financial Assistance Unit (tingnan ang address na nakalista sa itaas), o i-fax sa Financial Assistance Unit sa 832-667-5995.

Apendise B

**MUWESTRANG WORKSHEET O TALAAN
NA GINAGAMIT SA PAGTAYA
NG MGA KARANIWANG SINGIL
O AMOUNTS GENERALLY BILLED (AGB)**

Taunang Pagtaya ng Porsiyento ng mga Karaniwang Singil
sa Houston Methodist Hospital

Kaukulang Panahon ng Pagsukat: Enero 1, 2015 – Disyembre 31, 2015

A	Mga halagang pinapahintulutan ng Medicare Fee-for-Service sa claims na nabayad sa kaukulang panahon	\$
B	Mga halagang pinapahintulutan ng mga pribadong kompanya ng seguro sa mga claims na nabayad sa kaukulang panahon	\$
C	Mga co-pay, co-insurance, at deductible na nabayad ng mga pasyente sa mga claims na nakalista sa hanay A at B sa kaukulang panahon	\$
D	Kabuuang mga halaga na pinapahintulutan ng insurance at mga bayad ng pasyente (A+B+C sa itaas)	\$
E	Mga singil ng ospital bago mga bawas o diskuwento (gross charges) para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa hanay D sa itaas	\$
F	Porsiyento ng mga Karaniwang Singil, o Amounts Generally Billed (AGB) Percentage, ng Ospital (D/E)	%

Upang makakuha ng listahan ng lahat ng kasalukuyang mga Porsiyentong AGB para sa bawat ospital na Houston Methodist, mangyaring sundin ang isa sa mga hakbang na nakalista sa Bahagi III, A., A. a. – d. Itong impormasyon ay libreng ibibigay sa inyo.

Apendise C

Listahan ng mga Provider na sinasakupan at di sinasakupan nitong Patakaran

	Sinasaakupan
Samahan / Grupo / Kapisanan	Oo / Hindi
Houston Methodist Hospital	Oo
Houston Methodist Sugar Land Hospital	Oo
Houston Methodist Willowbrook Hospital	Oo
Houston Methodist West Hospital	Oo
Houston Methodist San Jacinto Hospital	Oo
Houston Methodist St. John Hospital	Oo
Houston Methodist St. Catherine Hospital	Oo
Houston Methodist Imaging Center: Katy Freeway	Oo
Houston Methodist Imaging Center: Kirby	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Cinco Ranch	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Cypress	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Kirby	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Pearland	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Sienna Plantation	Oo
Houston Methodist Emergency Center: Voss	Oo
Houston Methodist Primary Care Group	Hindi
Houston Methodist Specialty Physician Group	Hindi
Non-Houston Methodist Physician Groups (Private MDs)	Hindi
Anesthesiology: US Anesthesia Partners	Hindi
Anesthesiology: Baylor	Hindi
Anesthesiology: Space City Anesthesia	Hindi
Emergency Physicians: EmergiGroup Physician Associates	Hindi
Emergency Physicians: Neptune Emergency Services	Hindi
Emergency Physicians: The Schumacher Group	Hindi
Emergency Physicians: Kirby Emergency Physicians	Hindi
Hospitalist: IPC - The Hospitalist Company PA	Hindi
Hospitalist: Neptune Hospitalist Services, dba: Triton Hospitalist	Hindi

Hospitalist: OB Hospitalist Group	Hindi
Hospitalist: Sound Hospitalist Group of Texas	Hindi
Imaging: MASTOS Imaging Associates	Hindi
Newborns: Texas Childrens' Physician Services	Hindi
Pathology: Coastal Pathology	Hindi
Pathology: Methodist Pathology Associates, PLLC	Hindi
Radiology: Baytown Radiology	Hindi
Radiology: Houston Radiology Associated	Hindi

Appendix D



Application upang Makatanggap ng Pinansiyal na Tulong

Mga Tagubilin: Mangyaring lagyan ng sagot ang lahat ng mga puwang sa ibaba. Kung hindi natutugod ang isang bagay, mangyaring isulat ang N/A (Not Applicable). Maglakip ng mga photokopya ng mga sumusunod na natutugod sa inyong kasalukuyang situwasyon: **1. Ang inyong pinakahuling (mga) paycheck stub na may impormasyon tungkol sa inyong kinita mula sa umpisa ng taon hanggang sa ngayon (YTD income); 2. Ang inyong pinakahuling income tax return (ulat ng kita), kabilang ang lahat ng mga kalakip; 3. Tseke o entitlement letter mula sa Social Security; o statement mula sa bangko, kung natatanggap niyo ang pera sa pamamagitan ng direct deposit; 4. Unemployment award letter; 5. Harris Health System gold card.** Kung unemployed o wala kayong trabaho at dumedepende kayo sa iba upang magkpera at/o mabayaran ang inyong mga gastos, mangyaring maglakip ng letter of support o kasulatan mula sa taong iyon na nagsasabing sinusupporta niya kayo. Maglakip din ng isang kopya ng kanyang tax return, kung kayo ay nakalista bilang isang dependent sa kanyang tax return. Kung mayroon kayong mga katanungan o kailangan niyo ng karagdagang tulong sa pagbuo nitong application, mangyaring kontakin ang Centralized Business Office sa 877-493-3228 mula Lunes hanggang Biyernes, 7:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi, Sabado 8:00 ng umaga hanggang 12:00 ng hapon.

Mangyaring ibalik ang nabuong application at pan-supportang mga dokumento sa sinumang Patient Access team member, o i-fax sa (832)667-5995 o ipadala sa Houston Methodist, Central Business Office, Attn: Financial Assistance Unit, 701 S. Fry Road, Katy, TX 77450.

PANGALAN NG PASYENTE (MANGYARING I-PRINT)	HULING APAT NA NUMERO NG SOCIAL SECURITY NUMBER	
PANGALAN NG ASAWA / MAGULANG / TAGAPANGALAGA (MANGYARING I-PRINT)	SOCIAL SECURITY NUMBER	
ADDRESS NG BAHAY _____		
TELEPONO _____	PETA SA NG KAPANAKANAN _____	
KATAYUANG MARITAL _____		
(MGA) SERBISYONG HINIHIILING: _____		
ACCOUNT NUMBER: _____	MGA PETA SA NG SERBISYO: _____	
Dami ng mga bata na hindi pa 18 taong gulang na naninirahan sa bahay: _____		
<u>Mga Pangalan ng mga Dependent</u>		
Kadugo _____		
Stepchildren _____		
(mga anak na panguman) _____		
Walang Kaugnayan _____		
Tagapangalaga ni _____		
BUWANANG GASTOS <input type="checkbox"/> Umuupa <input type="checkbox"/> May-ari <input type="checkbox"/> Hindi nangungupa / walang Mortgage / Bayad na ang bahay Buwanang Bayad \$ _____	Mga Serbisyo: Koryente \$ _____ Tubig \$ _____ Gas \$ _____	Mga Sasakyan: <input type="checkbox"/> May-ari / Dami _____ <input type="checkbox"/> Inuupa / Dami _____ Buwanang Bayad \$ _____

Pasyente	Asawa / Iba
Pinagtatrabahuhan _____	Pinagtatrabahuhan _____
<input type="checkbox"/> Nagtatrabaho Full time	<input type="checkbox"/> Nagtatrabaho Full time
<input type="checkbox"/> Nagtatrabaho Part Time	<input type="checkbox"/> Nagtatrabaho Part Time
<input type="checkbox"/> Walang trabaho / retirado / may kapansanan	<input type="checkbox"/> Walang trabaho / retirado / may kapansanan
<input type="checkbox"/> Hindi maaring ipagpatuloy ang pagtatrabaho	<input type="checkbox"/> Hindi maaring ipagpatuloy ang pagtatrabaho
<input type="checkbox"/> Maybahay (Housewife)	<input type="checkbox"/> Maybahay (Housewife)

KABUUANG KITA NG PAMILYA* \$ _____ bawat buwan (MAGLAKIP SA APPLICATION NG (MGA) PATUNAY NG KITA)

* Kasama ang lahat ng sahod, mula sa trabaho sa sakahan o pagtatrabaho para sa sarili (self-employment), tulong mula sa pamahalaan (public assistance), Social Security, kabayaran dahil walang trabaho / worker's compensation, mga benepisyo sa pagreretiro, mga benepisyo dahil mayroong strike o welga, alimony (tulong mula sa dating asawa), child support (tulong mula sa dating asawa upang masuporta ang anak), mga pamamahagi mula sa militar, mga pension o sustento, mga kita mula sa mga dividend, interes, kita mula sa mga pag-aaring pinarenta at iba pang mga pinagkukunan ng iba-ibang klaseng kita.

MGA BANK ACCOUNT / IBANG PAG-AARI:

Checking Account	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi	Balanse	\$ _____
Savings Account	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi	Balanse	\$ _____
Mga Stocks / Bonds, at iba pa	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi	Balanse	\$ _____
Ibang Pag-aari	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi	Ilarawan	_____

Pinatutunayan ko na ang impormasyon sa itaas ay totoo at tumpak sa aking pinakamahasay na kaalaman. Nauunawaan ko na kung hindi ko naibigay ang lahat ng impormasyon na hiniling sa itaas, maaaring ituring na nawala ang aking karapatang tumanggap ng anumang pinansiyal na tulong sa ilalim ng Programa. Dagdag dito, kung naaangkop, hihiling ako ng tulong mula sa pamahalaan, gagawin ko ang dapat kong gawin upang makuha ang ganoong tulong, at aabisuhan ko ang Houston Methodist kung naaprobahan o hindi ang aking application. Pinapahintulutan ko (namin) ang Houston Methodist na kumuha ng impormasyon mula sa anumang magpagkukunan upang mapatotohanan ang aking (aming) (mga) sinabi.

(Lagda ng Pasyente / Aplikante)	(Petsa)
Mangyaring kumpletuhin itong panig lamang.	Binago Hulyo 2015